

1

Nakakatatlong design na siya ng bag ngayong gabi. Napabuntong-hininga si Paige; dalawa na lang at maaari na siyang matulog. Kung tutuusin, maaari namang basta na lang siya magpasa ng mga disenyo na hindi masyadong pinag-isipan. Ngunit hindi niya ugali iyon. Una niyang inaalala sa paggawa ng bag ay ang functionality nito. Higit niyang pinagtutuunan ng pansin ang pagiging practical ng bag kaysa sa panlabas na anyo nito.

Nagtapos siya sa isang prominenteng universidad sa Maynila. Ngunit ang pagdidisenyo ng bags ang naging trabaho niya. Malayong-malayo iyon sa kurso niyang Business Administration.

Eh, bakit hindi na lang kasi ako mag-asawa ng mayaman?

Beinte-tres pa lang siya, walang boyfriend, at siya ang nagpapaaral sa nakababata niyang kapatid na si Chano. Nursing ang kinukuha nito. Katatapos lang niya ng colegio nang mamatay ang kanyang ama habang ang ina naman niya ay sakitin at hindi kakayaning magtrabaho. Simula noon, siya na ang nagtaguyod sa kanyang pamilya. Hindi na niya

inatupag pa ang pakikipagnobyong dahil ibinuhos na niya sa pamilya ang oras. Ang totoo, na-trauma na siya sa naging karanasan niya sa pag-ibig...

Ayan! Siguro naman magugustuhan na 'to ni Ma'am Pia.

Isang laptop bag ang huli niyang iginuhit. Vintage ang disenyo ng labas nito at hindi magkakaideya ang sinuman na laptop ang laman nito. May makakapal na padding din sa likuran at sa paligid ng bag, proteksyon laban sa pagkabangga.

Iyon ang kanyang trabaho, mula sa school bags ng mga bata hanggang sa mga mamahaling bags na karaniwang ginagamit ng mga office girls. Isa siya sa mga pinakabagong designer sa *Carmona*, isa sa mga pinakasikat na bag manufacturers sa bansa. Hindi ganoon kataas ang kinikita niya, halos beinte mil lang sa isang bag na aprubado. At kung minsan ay dalawang bag lang sa isang buwan ang tinatanggap. Kahit na hindi ganoon kalaki ang kinikita niya, nabubuhay naman sila.

“Anak, hindi ka pa ba matutulog?” tanong ng kanyang ina na si Mayang mula sa kabilang silid.

“Mamaya pa po, 'Nay,” sagot niya rito.

Katatapos pa lang niya sa pang-apat na disenyo

nang mag-ring ang kanyang cellphone. Alas onse na ng gabi, sino naman kaya ang tatawag sa kanya sa ganoong oras? Pagtingin niya sa screen ng aparato, hindi naka-save ang numero ng tumatawag.

“Hello?” bati niya sa kabilang linya.

“H-hello, Paige, Hija!”

Hindi niya kaagad nabosesan ang kausap, pamilyar ang boses ngunit hindi niya matandaan kung sino ito.

“Hija, ang Tita Amanda mo ito... si Frank... Hija, naaksidente siya,” balita ng kausap. Umiiyak ang ginang na nagsasalita sa kabilang linya.

Matagal din bago nakapag-move on si Paige, at sa panahong iyon, wala siyang narinig na balita tungkol sa dating kasintahan. At ngayon, tumatawag ang ina nito upang sabihan siya sa sinapit ng anak nito.

“A-ano po’ng nangyari, Tita?” tanong niya.

Sincere ang pag-aalala sa boses niya. Kahit na anuman ang naging nakaraan nila ni Frank, hindi maaalis na mag-alala siya. Kahit na...

“Can you come here, Hija? Nasa *PGH* kami.”

Alam niyang hindi na siya dapat pang lumapit kay Frank, at sa lahat ng may kaugnayan dito. After all, iniwan siya nito isang buwan bago sila magpakasal. Napakagat-labi si Paige. Hindi na siya dapat pang nasasaktan dahil matagal na iyon, at pilit niyang pinamayani sa puso ang galit sa lalaking unang minahal. Ganoonpaman, hindi niya matanggihan ang hiling ng ina nito. Sa simula pa lang, naging mabait na ito sa kanya at itinuring siyang parang tunay na anak.

Para sa mama mo...

Gusto niyang isipin na dahil lang sa hiling ni Amanda San Pablo, kaya siya pupunta sa ospital upang alamin ang lagay ng dating kasintahan.

“Sige po, Tita, kaso baka matagalan po ako dahil mag-co-commute lang po ako,” sabi niya rito.

Nanginginig na rin ang boses niya. Ayaw man niyang aminin, nag-aalala siya sa lagay ni Frank.

“Hindi, Hija, ipapasundo kita. Parating na d’yan sa inyo ang driver ko,” tugon nito.

Matapos magpaalam kay Mrs. San Pablo, naupo siya sa kama niya. Nakita niya ang sarili sa salamin. At hindi maikakailang nag-pa-panic na rin siya.

Mabilis siyang nagbihis, pagkatapos ay pumunta siya sa silid ng ina.

“Nay, tumawag po ang mommy ni Frank. Naaksidente raw po siya, pupunta po ako agad sa ospital,” paalam niya sa magulang.

“A-ano ’ika mo? Naaksidente si Frank? Anak, gabi na, hindi ba p’wedeng bukas ka na pumunta roon?” Nag-aalala rin ito, ngunit hindi para kay Frank kundi para sa kanya.

“Ipapasundo po ako ni Tita Amanda, papunta na raw po ang sasakyan nila,” sagot niya.

Lumabas na rin si Mayang upang ihatid ang anak sa veranda ng kanilang munting tahanan. Ilang sandali pa ay isang magarang kotse ang pumarada sa harap ng bahay nila.

“Mag-ingat ka, Anak,” paalala nito.

“Sige po, ’Nay, ’wag na po kayong mag-alala.”

Pinagbuksan siya ng pinto ni Mang Danny, ang driver ng mga San Pablo. Matagal na rin itong naninilbihan sa nabanggit na pamilya, at kilalang-kilala siya nito. Mababakas ang lungkot sa mukha ng matandang lalaki.

“Mang Danny, delikado po ba ang lagay niya?”

tanong niya rito.

“Wala pa rin siyang malay. Matindi raw ang tama niya sa ulo,” sagot nito.

Lalong kinabahan si Paige sa narinig. Hindi niya lubos-maisip na nakahiga sa isang hospital bed ang lalaki, walang malay, at may mga tahi sa ulo.

“Ano po ba’ng nangyari?” tanong niya.

Wala siyang naging balita tungkol sa binata maliban sa nagpunta ito sa Amerika. Mula noon, siniguro niyang makakalimutan niya ito sa pamamagitan ng paglayo. Hindi siya lumayo ng lokasyon katulad ng ginawa ni Frank. Ngunit iniwasan niya ang lahat ng nakakakilala sa kanilang dalawa maliban na lang sa pinaka-close friends niya. At pinakiusapan niya ang mga ito na huwag nang babanggitin pa ang anumang tungkol sa lalaki.

“Kababalik pa lang niya galing Amerika. Galing siya sa airport nang mangyari ang aksidente,” paliwanag ni Mang Danny sa kanya.

Napalunok siya. Ibig sabihin ay dalawang taon ding namalagi sa Amerika ang dating nobyo. Matagal din silang naging magkasintahan. Mas matanda si Frank ng dalawang taon sa kanya. Nagkakilala sila sa universidad na pareho nilang pinasukan. Kasapi

ng isang club ang lalaki, kung saan nag-tu-tutor sila ng mga estudyanteng may kahinaan sa math.

Madalas magpunta noon si Paige sa tambayan ng *Math Tutors' Organization*. Nasa second year college pa lang siya nang makilala ang binata. Sa tuwing nagpupunta siya sa nasabing lugar, walang may ibang gustong mag-tutor sa kanya kundi si Frank. Tuwing wala pa ito, sinasabihan siya na maghintay sandali dahil parating na ito.

Hindi nagtagal at nahulog na ang loob niya sa lalaki. Consistent honor student ito at nagtapos na may karangalan sa universidad nila. Graduating na noong taong iyon si Frank, ngunit hindi naman ito tumigil sa pagpunta sa tambayan ng *MTO* kahit na namamasukan na ito sa kompanya ng ama. Business Administration din ang natapos nito.

Tahimik si Paige habang patungo sila sa ospital. Dalawang taon na rin niyang hindi nakikita ang lalaking pakakasalan na sana niya. At kahit na matagal na panahon din iyon, vivid na vivid pa rin ang pagkakatanda niya rito. Bukod sa hitsura, hindi rin nawaglit sa isipan niya ang mga kilos nito.

Madalas itong sumimangot tuwing nakikipag-usap siya sa ibang lalaki, at madalas, iyon ang pinag-aawayan nila. Kulang na lang ay bantayan

siya nito sa universidad, isa sa mga dahilan kung bakit hindi pabor sa kanya ang ama ni Frank. Ayon sa matandang San Pablo, masyadong nag-aaksaya ng oras ang anak nito sa babae.

Sa pagkakakilala niya sa matandang lalaki, may pagkaistrikto ito. Kabaligtaran naman ito ng asawa nito. Mabait at approachable si Amanda San Pablo at kasundo niya ito.

Pagdating nila sa ospital, patakbo niyang pinuntahan ang kinaroroonan ni Frank. Nadatnan niya ang ina nito na palabas ng pinto ng silid ng anak. Nang makita siya nito ay kaagad siyang niyakap. Hindi na rin niya napigilan ang sarili, maging siya ay yumakap dito at napaiyak.

Labis pa rin ang pagmamalasakit niya sa lalaki sa kabila ng ginawa nito sa kanya.

“Tama na, Paige, maayos na ang lagay niya. Na-X-ray na ang buong katawan niya at so far, okay naman ang resulta,” anito.

“Nabagok daw po ang ulo niya?” tanong niya.

Bumitaw na siya sa pagkakayakap sa ina ni Frank at pumasok sa silid ng binata.

“Oo... pero wala namang fractures sa bungo

niya. May mga sugat nga lang siya, gawa ng basag na windshield,” paliwanag nito.

Kulang na lang ay murahin niya ang sarili. Ano na lang ang iisipin nito pagkagising at nalamang nag-iiyak siya? Pinagmasdan niya ang mukha nito. Tila walang nagbago sa hitsura ng binata mula noong huling beses na makita niya ito. Ganoon pa rin ang matangos na ilong at ang manipis na bibig nito. Ang bibig na madalas ay nagmumukhang isang tuwid na linya tuwing nag-aaway sila.

“Mabuti naman po kung gan’un,” sabi niya. Nagpunas siya ng luha at humarap sa kausap. “Tita, p’wede po bang huwag na nating ipaalam kay Frank na nagpunta ako rito?”

Isang pakiusap iyon. Matagal din bago bumalik sa normal ang buhay niya, at kung muli itong magugulo, hindi siya sigurado kung muli pa itong maaayos.

“Pero bakit? Siguradong matutuwa siya pag nalaman niyang binisita mo siya,” protesta ng ginang.

Huminga siya nang malalim. Mukhang hindi madaling mapapayag si Amanda sa nais niya ngunit hindi siya sumuko.

“Tita, naka-move on na po ako, sana po maintindihan n’yo...”

Sana lang ay maunawaan nga nito na may panibago na siyang buhay, at hindi makatarungan na muling magulo iyon. Tatal, si Frank naman ang nang-iwan sa kanya.

Napatango si Amanda at sinulyapan ang dalaga.

“Sige, kung iyan ang gusto mo, Hija. Nagpapasalamat ako sa pagpunta mo rito. At kahit na hindi naging maayos ang...” Tila tinantya nito ang kapasidad niya na marinig ang sasabihin. Ngunit sa huling sandali ay tumigil ito. “Ipapahatid na kita kay Mang Danny, pasensya ka na kung dis-oras na ng gabi ay ginambala pa kita. I just thought kailangan mong malaman ang nangyari...”

“Wala po ’yun, Tita. Mabuti po at sinabihan ninyo ako.”

Hindi niya maintindihan kung bakit niya nasabi iyon. Bakit naman niya kailangang malaman ang sinapit ng dating nobyo? After all, matagal nang tapos ang anumang namagitan sa kanila.

Inihatid siya ni Mang Danny sa kanilang bahay. Marami siyang gustong itanong tungkol sa binata, ngunit sinabi niya sa sarili na walang kinalaman

sa kanya ang mga bagay na iyon. Isa pa, hindi siya sigurado sa magiging reaksiyon niya kung malalamang may iba nang...

Muli niyang naalala ang hitsura ni Frank. Pakiramdam niya ay naninikip ang kanyang dibdib. Nakontento siyang hindi nito malalaman ang pagdalaw niya. At ngayong nakasisiguro na siyang magiging maayos ang lagay nito, panatag na ang loob niya.

Pero ano naman sa kanya? Hindi ba dapat wala na siyang pakialam sa kapakanan nito? Iniwan siya ni Frank at inakusahan na siya ang unang nagkamali. Tuwing naaalala niya ang mapait nilang paghihiwalay, patuloy pa rin siyang nasasaktan. Sa simula pa lamang, masyado nang naging possessive ang binata. Madalas silang magtalo tungkol sa mga lalaking nakapaligid sa kanya.

Napailing si Paige, kahit kailan ay hindi ito nagtiwala sa kanya. Na para bang may ibang lalaking pinagbalingan niya ng atensyon. Malapit na silang ikasal noon nang magsimula ang pinakamatindi nilang away.

Si Chito ang dapat na best man sa kasal nila. Ang kasal na kahit kailan ay hindi natuloy... Magkaibigan sina Chito at Frank. Magkaibigan na ang dalawa

simula pa noong nasa elementarya sila. Ngunit ang hindi maintindihan ni Paige ay kung bakit sa lahat ng lalaki sa paligid, pinakasensitibo ito pagdating kay Chito. Hindi naman maiiwasan na magkita sila ng lalaki dahil nga sa magkaibigan ito at si Frank.

She should have known na may binabalak si Chito. After all, hindi lingid sa kaalaman niya na matindi ang insecurity nito sa kaibigan. He wanted everything that Frank had.

Naalala niya ang pangyayaring iyon na naging dahilan upang magkasira sila ni Frank...

“May ibubulong ako sa iyo. Sabi ni Frank, huwag na huwag ko raw sasabihin sa iyo pero...” makahulugang sabi ni Chito.

Katangahan nga siguro, ngunit wala sa hinagap niya na bigla na lamang siya nitong sisiilin ng halik. Mabilis naman niyang naitulak ang lalaki, ngunit huli na.

Kulang na lamang ay umusok ang mga tainga ni Frank nang makita silang dalawa. Kaagad naging defensive ang stance ni Chito.

“Sandali, Pare... mali ang iniisip mo,” nakangising turan nito.

*“Ikaw na ba ang magpapakasal ngayon, Chito?”
tanong ni Frank sa lalaki.*

Natigilan ang lahat ng nakarinig sa sinabi ng nobyo niya. Walang nagkalakas-loob na sabihan ito na huminahon. Kung tutuusin, malamang ay maiintindihan ng mga taong nakapaligid sa kanila kung sakali mang manggulo si Frank dahil sa nasaksihan nito, na ginawa nga nito. Mabilis nitong sinugodsi Chito at malakas na sinuntok. Napabalandra sa semento ang lalaki.

Kaagad na hinawakan ni Frank ang kamay ni Paige, kulang na lang ay kaladkarin siya nito paalis.

“Magpapaliwanag ako... mali talaga ang iniisip mo...” depensa niya sa sarili.

“So sinasabi mo bang mali ang nakita ko?” galit na sumbat nito sa kanya.

“Ang hirap kasi sa iyo, wala kang tiwala sa ’kin. Ten minutes ago, payag na payag ako sa pagpapakasal sa iyo... pero ngayon, nagdadalawang-isip na ako!”

Huli na nang mapagtanto niya ang nasabi sa binata. Hindi naman niya intensyong sabihin iyon, bigla na lang niyang nasabi. Kaagad siyang binitawan ni Frank. Hindi niya maintindihan ang ekspresyon nito sa mukha.

Simula noon, hindi na naging maayos ang pakikitungo nila sa isa't isa. Ilang beses niyang ipinaliwanag na wala siyang ideya na hahalikan siya ni Chito, ngunit nunca na nakinig si Frank sa kanya. Determinado siya noon na muling mabawi ang simpatya ng binata ngunit nabigo siya. Iyon ang simula ng wakas ng kanilang relasyon.

Ginawa niya ang lahat upang mabalik sa dati ang samahan nila. Nilayuan niya ang lahat ng mga kaibigan niyang lalaki, lalong-lalo na si Chito. Ninais niyang ipaunawa kay Frank na gagawin niya ang lahat, bumalik lamang ito sa kanya.

Kulang na lang ay magpaalipin siya sa isang arogante, dominante at makasariling lalaki! Subalit sa nakita nito ay nahihirapan siyang kumbinsihin ito, if only he trusted her.

Ngunit napakabata pa niya noon, naging padalus-dalos siya. At sa dalawang taon na nagkahiwalay sila, natuto siyang maging mature.

Ginugol ng dalaga ang lahat ng oras niya sa pagtatrabaho. Noong una, bago pa siya maging designer ng bags, namasukan siya bilang marketing assistant sa isang maliit na kompanya. Hindi siya nagtagal doon dahil likas siyang creative kaysa analytical.

Sa pamamagitan ng pagtatrabaho ang tanging paraan para sa kanya upang tuluyang malimutan ang lalaking minsan ay inibig niya. At kung kailan naman pakiramdam niya ay maayos na ang lagay ng puso niya, muli itong nagbalik sa buhay niya. Muling ipinamukha sa kanya na umiibig pa rin siya rito.

2

Aprubado ang apat niyang designs. Lima ang dapat niyang ipasa upang may pagpipilian si Ma'am Pia, ngunit apat lamang ang nagawa niya dahil sa hindi inaasahang pangyayari. Unang pagkakataon iyon na lahat ng disenyong ipinasa niya ay natanggap. Ganoonpaman, hindi niya magawa kahit na magdiwang nang kaunti. Mababayaran na niya ang tuition ng kapatid na nag-aaral sa Baguio, ngunit patuloy namang gumugulo sa isipan niya ang kalagayan ni Frank.

“Anak, kamusta ang lagay niya?” tanong ng kanyang ina habang nagwawalis sa kanilang sala.

“More or less okay na siya, 'Nay, wala namang major injuries,” sagot niya.

Dalawang araw matapos maaksidente ang binata, wala pa rin siyang natatanggap na balita mula sa ina nito. At kung papaano nakuha ni Amanda ang numero niya ay isang palaisipan.

Kabubukas niya lamang ng TV nang mag-ring ang cellphone niya. Halos mapalundag pa siya nang marinig ito. Hindi siya nagkamali, ang ginang nga

ang tumatawag. Kinabahan siya, hindi ito tatawag kung walang matinding dahilan.

“Hello, Tita?” sagot niya.

“Hija, may oras ka ba? Maaari ka bang pumunta rito sa ospital?” Halata sa tinig nito na may nangyaring hindi kanais-nais.

“May nangyari po bang masama?”

“Hija, kailangan nating mag-usap. At saka magkita tayo sa lobby, huwag ka munang aakyat,” bilin nito. Magtatanong pa sana siya kung ano ang nangyayari ngunit nagpaalam na ang kausap.

Makakahindi ba siya? Sa sitwasyon ni Frank ngayon, wala siyang kakayahang ipagwalang-bahala ang anuman. Natitiyak niyang importante ang nais sabihin ng ina nito. Pero nakapagtataakang binilinan siya nitong huwag umakyat kaagad sa silid ng anak nito. Bakit kaya? Kung anu-anong dahilan ang naglaro sa kanyang utak.

Ganoonpaman, madali siyang lumabas ng bahay. Mabuti na lamang at hindi eight to five ang trabaho niya. Hawak niya ang oras niya at nagtatrabaho siya kung kailan convenient para sa kanya.

Pagdating sa ospital, kaagad siyang sinalubong

ni Amanda sa lobby. Mababanaag ang pagkalito at pag-aalala sa magandang mukha nito.

“Salamat, Paige, at dumating ka,” anito at niyakap siya.

“Ano po ba’ng nangyari, Tita?” usisa niya.

“Maupo muna tayo, mahalaga ang pag-uusapan natin,” sabi nito. Naghanap sila ng mauupuan sa foyer ng ospital.

Hindi mapakali si Paige; sa tono ng pananalita nito, may nangyaring masama kay Frank.

“Hija, kailangan ko ang tulong mo...” panimula nito.

Naawa siya sa hitsura ng kausap; repleksyon si Amanda ng isang inang labis na nagdurusa dahil sa kalagayan ng anak.

Ngunit kung anong tulong ang maibibigay niya, wala siyang ideya.

“Ano pong klaseng tulong? Ano po ang nangyari kay Frank?” Hindi na niya naitago pa ang damdamin. Katulad ng ginang, nahihirapan din siya sa sitwasyon ng binata.

“Nagising na siya kaninang umaga lang. At,

Hija... hinahanap ka niya,” balita nito. Hinawakan nito ang kamay niya. “Paige, alam kong hindi madaling harapin si Frank dahil sa mga nangyari... pero ang totoo, hindi niya maalala iyon sa ngayon,” dagdag nito.

Natulala siya sa narinig. Hinahanap daw siya ng binata! At bakit nito gagawin iyon? Hindi ba’t ito ang nang-iwan sa kanya kahit na ginawa niya ang makakaya upang isalba ang relasyon nila?

Sa malalim na pag-iisip ng dalaga, hindi na niya halos narinig ang pangalawang sinabi ng kausap.

“Bakit daw po niya ako hinahanap?” tanong niya. Alam niyang mahirap umasa... at hindi iyon ang lohikal na gawin. Ngunit lihim niyang ninais na...

“Katulad ng sinabi ko, Hija, wala siyang maalala sa mga nangyari nitong nakaraang dalawang taon...” ulit ni Amanda.

Hindi niya alam kung papaano mag-re-react. Walang maalala si Frank sa huling dalawang taon ng buhay nito?

“Alam kong nagtataka ka, Hija. Pero sabi ng doktor, hindi magtatagal ay babalik din ang alaala niya.”

“P-pero papaano po nangyari ’yun? ’Yung huling dalawang taon lang? Hindi ba’t ang normal na kaso... lahat ng alaala ay nalilimutan ng mga taong nagkaka-amnesia sa ganitong pagkakataon?” tanong niya.

“Oo, Hija, pero ayon sa doktor, minsan ay pinipili ng utak ang mga bagay na gusto nitong kalimutan para maprotektahan ang isang tao,” sagot ng ginang.

Pinili ba ng utak ni Frank na kalimutan ang huling dalawang taon dahil ayon sa ina nito, iyon ang makabubuti sa binata? Napailing si Paige.

“Ano po’ng magagawa ko, Tita?”

Sabihin man niya sa sariling malaki ang pagkakamali ng dating nobyo sa kanya, ipinaalala rin niyang marami rin itong mabubuting ginawa para sa kanya. Nang mamatay ang kanyang ama, ito ang sumalo sa pamilya niya. Hindi lang sa pinansyal, ngunit pati na rin sa emosyonal na aspeto. Nang mga panahong iyon, pakiramdam niya ay nawalan ng direksyon ang kanyang buhay. May kapatid siyang nasa high school at hindi naman makapagtrabaho ang kanyang ina. Siya ay nasa fourth year college pa lamang noon. Kumuha siya ng part-time job habang nag-aaral, ngunit hindi iyon naging sapat. At kahit na nahihiya siya sa pamilya ni Frank, tinanggap niya ang tulong na inalok ng mga ito.

Ito na ang pagkakataong maibabalik niya ang utang-na-loob sa kabaitan ng mga ito sa kanya noon.

“Hija, hindi niya alam na tapos na ang lahat sa pagitan ninyo,” pagbibigay-alam ni Amanda. “At ang buong akala niya ay natuloy ang kasal ninyo... hindi niya maalala na ikinasal kayo, ngunit ’yun ang assumption niya.”

“A-ano po’ng gusto n’yong gawin ko? Ipapaliwanag ko po ba na...” Nag-alangan si Paige sa naisip gawin.

“Kung ganoon lang sana kasimple ’yun, ngunit hindi. Kapag nalaman niya sa puntong ito, baka hindi niya kayanin at lalong lumiit ang chance na muli niyang maalala ang huling dalawang taon ng buhay niya,” sabi nito.

Natigilan siya sa ibig sabihin ng kausap. Nais ba nitong magpanggap siyang asawa ni Frank dahil iyon ang iniisip ng anak?

“Paige, Hija, pinakamatagal na raw ang isang buwan sa kaso ni Frank. Hindi naman raw malala ang injuries niya kung kaya’t mas madali ring makaka-recover ang utak niya sa shock,” paliwanag nito.

“G-gusto n’yo po bang magpanggap ako, Tita?”

Handa na ba siyang haraping muli ang binata?

Ilang beses din sumagi sa isipan niya ang pagkakataong muli silang magkita. At malayong-malayo ito sa mga plano niya. Kapag nakita niya si Frank, ipapamukha niya rito na nagkamali ito sa pag-iwan sa kanya. Na kahit na hindi sila pareho ng estado sa buhay, kaya niyang bigyan ng direksyon ang sariling buhay.

Ngunit ibang-iba sa inaasahan niya ang mga pangyayari. Heto siya ngayon sa ospital, at iniisip ni Frank—ang lalaking lubos niyang minahal, ngunit kinasusuklaman sa ngayon—na mag-asawa sila.

Alam niya ang dapat gawin, at iyon ay ang tumanggi. Hintayin na lamang nilang magbalik ang alaala nito.

“Pero, Tita, hindi naman daw po magtatagal, di ba? Bakit hindi na lang natin hayaang bumalik ang alaala niya? Mas komplikado po kasi kapag nagpanggap ako, at ano’ng mangyayari pag may naalala na siya?” turan ng dalaga.

“At ano ang iisipin niya kung bakit hindi ka niya nakikita, Hija? Kapag nag-alala siya sa iyo, higit na mapapagod ang utak niya sa kaiisip at lalong wala siyang maaalala,” anang ginang. “Kanina nga ay panay ang tanong niya kung kasama ka raw ba niya nang maaksidente siya. Kapag hindi ka niya nakita sa tabi niya, iisipin niyang may nangyaring masama

sa iyo,” dagdag nito.

Napabuntong-hininga si Paige. Ito na siguro ang una at huling pagkakataon niya upang suklian ang kabutihan nina Amanda at Frank—noon—sa pamilya niya.

“Ano po eksakto ang dapat nating gawin?” tanong niya.

“Hayaan muna natin siyang isipin na ikinasal kayo, Hija, hanggang sa bumalik na ang memory niya,” sagot nito.

Ang simple ng pagkakasabi, na para bang ganoon kadali para sa kanya. Nalimutan na yata ni Amanda kung gaano siya nasaktan nang sabihin ng binata na nagbago na ang isip nito, at hindi na siya pakakasalan. Tandang-tanda pa niya ang mga salitang binitawan ni Frank sa kanya. Nag-aayos siya noon ng wedding invitations nang tumawag ito at nagsabing kailangan nilang magkita. Punong-puno siya ng pag-asa na maaayos na nila ang di-pagkakaunawaan. Ngunit nagkamali siya.

Pagdating niya sa tagpuan nila, seryoso ang mukha ni Frank.

“Sabi mo nagdadadalawang-isip ka sa pagpapakasal sa akin,” panimula nito.

Kaagad naman siyang nagsalita upang sabihing nabigla lang siya at hindi niya talaga pinag-isipan iyon. Ngunit hindi siya nito binigyan ng pagkakataon upang magpaliwanag.

“Hindi mo na kailangang magdalawang-isip, dahil pinapalaya na kita. I figured that I couldn’t trust a woman like you,” dagdag nito.

Naaalala pa niya ang naramdaman niya noon. Hindi siya nakapagsalita kaagad, at pakiramdam niya ay gumuho ang kanyang mundo. Si Frank ang tumulong sa kanya, si Frank ang lagi niyang nahihingan ng payo, si Frank ang lahat. Nasanay na nga siya na halos lahat ng atensyon ng kasintahan ay nasa kanya. Hanggang sa nasakal na lang siya sa kawalan nito ng tiwala sa kanya.

Totoong nasaktan siya dahil madalas siyang pagbintangan na lumalapit sa ibang lalaki, ngunit bukod doon, si Frank ang naging gabay niya. Kahit kailan ay hindi siya pinabayaan nito.

Muli siyang napatitig siya kay Amanda.

“Pero...” Magpoprotesta sana ngunit alam niyang wala na siyang choice. “Sige po, gagawin ko po ang makakaya ko hanggang sa bumalik ang alaala niya,” tugon niya.

“Maraming-maraming salamat, Hija!” Puno ng galak ang puso ni Amanda sa desisyon ng dalaga na tulungan ito.

Matapos yakapin si Paige, naglabas ito ng isang itim na kahon mula sa bag nito. Kinuha nito ang laman na singsing at ibinigay sa kanya.

“Kakailanganin mo ito, Hija, naaalala niya ang tungkol sa singsing na ito,” anito.

Animo’y naging bato siya. Hawak niya sa mga kamay niya ngayon ang singsing na dapat sana ay simbolo ng pagmamahalan nila ni Frank. Nanginginig ang mga daliri niya. Hindi niya akalaing makikita pa niya ang singsing na iyon.

“I-ito po ’yun...” sabi niya, pati ang boses ay hindi na rin kalmado.

“Oo, Hija, ipinahalughog ko ang mga gamit ni Frank upang mahanap ito. Kaninang umaga ay nagtatanong siya kung sino’ng nag-alis ng wedding ring niya, at kung nasaan ka raw.”

Napalunok siya sa sinabi ng kausap. Kung ganoon, siguradong-sigurado ang lalaki na nagpakasal sila.

“Ano po’ng sinabi ninyo?”

“Sinabi naming inalis ng doktor upang gamutin

ang mga sugat niya sa kamay, at naiuwi ko ang singsing niya,” paliwanag nito. “Kanina, ipinahanap ko at masuwerte namang natagpuan ang mga ito.”

“At... nasa kanya na po ngayon ’yung isang singsing?”

“Oo, Hija, suot na niya ngayon.”

Isinuot ni Paige ang singsing at naging kakaiba ang nadama niya; magkahalong panghihinayang at kalungkutan. Siguro ay masaya siya ngayon kung natuloy man ang kasal nila... kakayanin niya ang pagiging possessive ng binata kaysa tuluyan itong nawala sa piling niya.

Hindi na niya gustong isipin iyon. Makailang beses din niyang tinanong sa sarili kung papaano ang naging buhay nilang dalawa kung sakali mang ikinasal sila. Pero matagal na iyon, at hindi na niya nadarama ang kagustuhang makasama habang-buhay ang binata. Or at least, iyon ang gusto niyang isipin.

“Handa ka na bang makausap siya, Paige?” tanong ni Amanda.

Tumango lamang siya kahit na ang totoo, kahit kailan, hindi siya magiging handa sa muli nilang pagkikita... at tiyak na mahihirapan siyang pakitunguhan ang dating nobyo, dahil hindi niya

nalimot ang huling dalawang taon. Dala pa rin niya ang lahat ng pait, ang lahat ng sakit... habang wala man lang itong alaala sa nangyari.

“Umakyat na tayo, gustong-gusto ka niyang makita,” pukaw nito.

Walang ideya ang ginang sa epekto ng mga salita nito sa kanya. Ganoonpaman, pilit niyang ipinaalala sa sarili na oras na makaalala si Frank, tiyak na magbabago ang ihip ng hangin. Napatingin siya sa ginang na nauunang maglakad sa kanya. Alam kaya nito kung gaano kalaking sakripisyo ang gagawin niya? Alam din kaya nito na isusugal niya ang panibagong buhay na natagpuan niya?

Ilang saglit pa at narating na nila ang silid ni Frank. Napahugot ng isang malalim na hininga si Paige. Pagbukas ni Amanda ng pinto, kaagad siyang sumunod.

“Hijo, ’andito na si Paige, may mga inayos lang siya sa bahay,” sabi nito sa anak.

Pakiramdam niya ay tumigil siya sa paghinga. May malay na ang binata, ngunit mukhang napakahina pa nito. Ngayon lang niya nakitang helpless ang dating nobyo. Matikas ang dating nito at hindi maikakailang isa ito sa mga lalaking ine-expect na ituring na batas

ang bawat salitang bibitawan.

Itinagilid ni Frank ang mukha nito sa direksyon ng dalaga. Nanlumo siya sa nakita, marami itong tahi sa noo. Hindi niya alam kung papaano mag-re-react. Dapat magpakita siya ng pagkagalak dahil may malay na ang kanyang 'asawa'.

Lumapit siya rito. "Frank, mabuti naman at gising ka na!" aniya.

Ginawa niya ang makakaya upang magpanggap na asawa nito. Ngunit hindi pa rin ganoon ang normal na gagawin ng isang tunay na asawa. Hindi nito iiwan ang tabi ng lalaki, at sa pagdilal ng mga mata nito, siya ang dapat na unang makita.

Naupo siya sa silya malapit sa pasyente, ngunit hindi niya ito tinangkang hawakan. Hirap pa ito sa pagsasalita.

"B-bakit ngayon ka lang?" tanong nito sa mahinang boses. Yet, kilalang-kilala niya ang boses na iyon. Parang kahapon lang nang sabihin nitong nagbago ang isip nito sa pagpapakasal sa kanya...

"N-naligo lang ako at nagpalit ng damit..." paliwanag niya.

Hindi niya maalís ang mga mata niya kay Frank.

“Oo, Hijo, iyon ang unang pagkakataong nawala siya sa tabi mo. Pinilit ko nga lang siya na umuwi at magpahinga naman kahit sandali,” sabi ni Amanda sa anak.

Hindi na sumagot pa si Frank, tumango lamang ito. Kahit na siguro nais pa nitong magsalita, wala pa talaga ito sa kondisyon para magtanong nang magtanong. Sinenyasan siya nito gamit ang mga mata na lumapit. Lumapit siya at tumayo sa tabi nito. Akala niya ay may nais itong sabihin, ngunit tahimik lang siya nitong pinagmasdan.

“M-masyado ka bang nag-alala? Nagmukha kang tumanda...” obserba nito. Nagawa pa nitong tumawa nang mahina.

Napailing siya; may sakit na nga ito at hindi halos maigalaw ang katawan, ngunit nagawa pa rin nitong magbiro. Halos nakalimutan na niya ang ganoong side nito. Ang isang aspeto ng pagkatao nito na ipinapakita lamang ng binata sa iilan. May pagka-detached ito sa ibang tao, ngunit lumalabas naman ang pagkapilyo sa malalapit na kaibigan.

“Sino ba namang asawa ang hindi mag-aalala?” tanong ni Paige rito. Ngunit naalala niyang hindi dapat pinapagod ang binata. “Huwag ka nang magsalita, mapapagod ka lang.”

Nagulat siya sa pakikitungo niya sa dating kasintahan. Ni hindi man lang siya nahirapang kausapin ito. At madali niyang natututunan ang pagiging ‘asawa’ ng lalaki.

Tumango si Frank at muling nakatulog. Lumabas sila sandali ni Amanda upang hindi marinig ng anak nito ang usapan nila.

“Salamat nang marami, Paige,” halos mangiyak-ngiyak na saad pa ng ginang. “Ngayon lang uli siya ganyan, naniniwala akong malaki ang maitutulong mo sa agarang paggaling ng anak ko,” dagdag nito.

Tumango lamang siya. Paano na kapag nagbalik na ang alaala ni Frank? Ano na ang mangyayari sa kanya? Hindi malayong mabuwag na ang makapal na pader na itinayo niya sa pagitan nila nito. Ngayon pa lang ay nagsisimula na itong gumuho. Alam niyang namemeligro na naman ang puso niya. Hindi mahirap mahalin si Frank at hindi malayong muling mahulog ang loob niya rito.

3

Ayon sa doktor, isang linggo pa ang ilalagi ni Frank sa ospital bago ito payagang umuwi. Obligado si Paige na bantayan ang binata, ngunit hindi siya napipilitan lang. Pagkatapos nito, patas na sila ng mga San Pablo.

Dadalawa lamang sila sa silid nang umagang iyon. Kagigising lang ni Frank at hinanap siya. Inilapit niya ang upuan sa kama nito. Ngumiti ito sa kanya, hindi na rin ito masyadong nahihirapang magsalita.

“Ano’ng nangyari nitong nakalipas na dalawang taon?” tanong nito.

Dapat sana ay naghanda na siya sa ganitong tanong. After all, tama lamang na gugustuhin nitong malaman. Ngunit wala siyang nakahandang kuwento, dahil wala naman silang kuwento sa nakaraang dalawang taon.

“Hmm... sabi ng doktor hindi ka namin p’wedeng sabihan ng mga nangyari...” pag-iimbento niya ng rason. Sana lang ay hindi na ito magtanong pa.

“Bakit naman daw?”

“Dahil baka akalain mong nakakaalala ka na,

pero ang totoo, pinoproceso lang ng utak mo ang mga naririnig mo... hintayin na lang nating makaalala ka,” muli siyang nagdahilan dito.

“Ah, mas alam pa ba niya? Gusto kong marinig,” pilit nito.

Napangiti siya. Kahit kailan talaga, hindi nawawala ang pagkadominante ng personalidad nito. Hindi madaling sumuko, ngunit sumuko kaagad sa relasyon nila...

“Shh... mas mabuting sundin ang doktor,” aniya. Sumimangot ang binata ngunit hindi na ito nagtanong pang muli. Sa halip ay tinitigan siya nito at ngumiti.

“Kailan tayo uuwi?”

“Ah, mga apat na araw na lang ang ilalagi mo dito...”

Kung napansin nito ang takot sa mukha niya, hindi nito binanggit. Hindi niya masyadong pinagtuunan ng pansin iyon. Ngunit wala siyang dapat na ikatakot, mahinang-mahina ang lalaki kung kaya hindi nito magagawang...

Napalunok siya sa naisip. Dapat noong una pa lamang ay na-anticipate na niya ito. Hindi naman ito magtatagal sa ospital upang maging tagapagbantay

lamang siya.

“Good, gusto ko nang umuwi. Saan pala tayo nakatira? Kina Mama... o may sarili na tayong bahay?” tanong nito sa kanya.

Mabilis na nag-isip si Paige, parehong may drawback ang sinabi ng binata. Kung sasabihin niyang may sarili silang bahay, lalabas na wala talaga. At kung sasabihin naman niyang nakatira sila sa mga magulang nito, oras na umuwi ang binata, malalaman nitong wala siyang mga gamit doon. Walang wedding picture, walang kahit na ano.

“Huwag mo na munang isipin ’yun, sa ngayon magpahinga ka muna,” sa halip ay sabi niya. Paano nga ba nila maaayos ang gusot na iyon?

“Simpleng tanong, simpleng sagot.”

“Bawal pag-usapan ang nakalimutan mo, di ba?”

Hindi na ito umimik pa hanggang sa dumating ang doktor. Nakasimangot ito kay Dr. Ramirez kahit na ngumiti ito sa kanya.

“Doc, kailan ako makakaalala? Dahil sinabihan mo ang lahat ng tao na bawal sabihin sa akin ang mga nakalimutan ko.” Magaspang ang pananalita nito kahit na nanghihina pa.

Napatingin ang doktor kay Paige at nagtatanong ang mga mata nito. Nang hindi siya kumibo, bumaling ito kay Frank.

“With very good reasons, Mr. San Pablo,” anito. Hindi ito nagpaapekto sa pananalita ng pasyente. “Mas mabuting hayaang ikaw mismo ang makaalala.”

Lalong sumimangot si Frank. Lihim na natawa si Paige sa inasal nito.

Pag-alis ng doktor, muli siyang kinausap ng lalaki.

“Gusto ko nang umuwi, kumuha na lang tayo ng private nurse,” mariin nitong sabi kay Paige. “Hindi ko gusto ang pakiramdam ko rito sa ospital, parang...” Nakakunot-noo ito habang nagsasalita. “Hindi ko maipaliwanag,” dagdag nito.

“Ilang araw na lang naman, eh, saka kakausapin ko ang mama mo—ang Mama tungkol sa arrangements paglabas mo rito,” pahayag niya.

Muntik na! Muntik na siya madulas! Hindi siya maaaring magbigay ng anumang dahilan upang magsuspetsa ang binata na may mali sa pagiging ‘mag-asawa’ nila.

“Nagugutom na ’ko, Babe,” bigla nitong sabi.

Tumayo ang balahibo niya sa braso. Ito ang unang beses na muli siyang tinawag ni Frank ng ganoong endearment. Ganoonpaman, ginawa niya ang makakaya upang huwag ipahalata na naninibago siya bigla.

“Ano’ng gusto mong kainin?”

May mga prutas na binili ang ina ni Frank, maliban doon ay wala na. Pinagbawalan kasi muna itong kumain ng mga komplikadong pagkain.

“Ano ba’ng meron d’yan?” tanong nito.

“Mga prutas lang, may saging, mansanas at oranges,” sagot niya.

“Ah, wala bang kanin? Gusto ko ng tunay na pagkain. At saka bakit hindi mo ako ipagluto ng dinuguan?”

Iyon ang paborito ni Frank. Hindi nga rin alam ng dalaga kung bakit, ngunit noong malapit na silang ikasal, panay ang hiling ng binata na ipagluto niya ito.

Tinaasan niya ito ng kilay. “Hindi pa kaya ng katawan mo na kumain ng ‘tunay’ na pagkain,” salungat niya.

Napailing siya sa role na ginagampanan. Siguro nga ay dapat nag-artista na lang siya. Mansanas ang

napili niyang ibigay sa 'asawa'.

“Ito na lang, mada-digest mo agad 'yan,” aniya, sabay abot sa mansanas.

Hindi nito inabot iyon. Oo nga naman! Nakasuwero ang isang kamay nito at ang isa naman ay puno ng benda.

“Paano ako kakain, aber?” Naningkit ang mga mata nito sa kanya.

Sinubuan niya ang binata. Hanggang sa may sumagi sa isipan niya; paano kung nanloloko lamang ito? After all, wala siyang paraan upang malaman kung nawalan nga ito ng alaala ng nakaraang dalawang taon. Ngunit kung ganoon nga, hindi nito gugustuhing makita siya. Hindi nito gugustuhing siya ang nag-aalaga rito...

“Talaga bang wala kang... maalala?” nais niyang malaman.

Gusto lang niyang hulihin ang reaksiyon nito sa biglaang pagtatanong.

“Kung may naaalala ba ako, magtatanong pa ako?” Ibinalik nito ang tanong sa kanya. “At bakit ko na naman ililihim na may naaalala na ako kung sakali man?” dagdag nito.

Natigilan siya. Oo nga naman! Bakit nito sasabihing wala itong maalala kung ang totoo ay mayroon? Siya ang nahuli ng sarili niyang patibong. Bakit niya iisipin na naglilihim ang ‘asawa’ niya sa kanya?

“Ah, wala naman, baka lang kasi may naalala ka na... kahit konti lang,” sa halip ay tugon niya.

“Pag mayroon na, ikaw ang una kong pagsasabihan.” Ngumiti ito sa kanya.

Halos lumundag ang puso niya. Hindi pa rin nagbabago si Frank. Isang ngiti lang nito, kaagad niyang napapatawad ang binata tuwing aakusahan siya nito na...

Bumukas ang pinto sa silid. Si Amanda ang dumating. May ngiti sa mga labi nito. Tiyak na may mabuti itong balita para sa kanila.

“Anak, nakausap ko na si Dr. Ramirez,” anito. “Napapayag ko na siyang iuwi ka na,” dagdag pa nito habang minamasdan ang anak.

“Mabuti naman kung gan’on, Ma, dahil iba ang pakiramdam ko sa ospital na ’to,” tugon nito sa ina.

Nagningning ang mga mata ng ginang.

“May natatandaan ka na ba, Hijo? Kahit kaunti

lang?” Tila nagkaroon ito ng munting pag-asa.

Umiling ito. “Wala, Ma, walang kahit na ano. Kailan daw ako makakauwi?”

“Bukas, Anak, pumayag na rin siyang ibiyahe ka muna papuntang probinsya,” sagot ni Amanda.

“Bakit pa, Ma? P’wede namang sa bahay na lang, makakapagpahinga ako nang maayos d’un,” nakasimangot na turan nito.

“Bakit? Hindi mo ba gustong magpahinga muna sa resthouse, Anak? Malinis ang kapaligiran doon, makakalimutan mo kahit sandali ang ciudad,” paliwanag nito.

“Ma, masyado na akong maraming nakalimutan,” sagot ni Frank. Halatang nauubusan na rin ito ng pasensya.

Bumaling si Amanda kay Paige at tinitigan siya nito sa paraang nagsasabing, *Tulungan mo akong kumbinsihin siya.*

“Ah, tama si Mama, Frank. Mas mapapadali ang paggaling mo sa probinsya. Ikaw lang naman itong inaalala namin,” sabi niya.

Tila nag-isip sandali ang lalaki at pagkatapos ay huminga ito nang malalim.

“Magugustuhan mo ba d’un? Walang mga mall o kahit na anong mapaglilibangan,” sabi nito sa kanya.

Tumango lamang siya.

Tila nakalimutan din nito ang ilang bagay tungkol sa kanya. Hindi siya iyong uri ng babae na hindi mabubuhay nang hindi nag-sho-shopping.

Napabuntong-hininga ito at nagbigay ng desisyon. Nakakatawang sa lagay nitong iyon, authoritative pa rin si Frank.

“Kailan ang alis natin?” tanong niya.

Nangusap ang mga mata nina Amanda at Paige. Inaasahan na niyang maaaring mangyari ito, at ang akala niya ay handa na rin siya. Ngunit hindi pala, hindi niya ma-imagine na nakatira siya sa iisang bahay kasama ang dating kasintahan... at higit sa lahat, iniisip nitong mag-asawa na silang dalawa.

“Sa lalong madaling panahon, Anak. At huwag kang mag-alala, hindi ka matatagtag sa biyahe,” ani Amanda sa anak. “Inayos na ng papa mo, nagkataong papunta sa Isabela ang kaibigan niyang si General Santillan. Isasabay na nila kayong dalawa sa helicopter ng *AFP*,” dugtong nito, halatang nailang ito sa sinabi.

“Kailan pa siya nagkaroon ng pakialam sa akin?” sabi ni Frank sa ina. “Hindi na, Ma, magkokotse na lang kami. Hindi naman gan’on katagal ang biyahe.”

“Anak naman, be reasonable!”

Hindi nila madalas pag-usapan noon ang ama ni Frank. Kakarampot ang nalalaman niya tungkol dito. Sa pagkakaalala niya, hindi close ang mag-ama. At iilang beses lang din niya itong nakita, lalo na noong malapit na silang ikasal. Hindi nito itinago ang disgusto sa kanya. Hindi siya gusto ng papa nito, kung bakit, hindi rin siya sigurado. Maliban na lang sa katotohanang mas maraming iginugugol na oras si Frank sa tabi niya kaysa sa kompanya ng pamilya nito.

Ilang araw na ring naka-confine sa ospital ang binata, ngunit ni minsan ay hindi nakita ni Paige si Mr. San Pablo na dumalaw sa anak nito. Sang-ayon siya kay Frank, may karapatan itong magtampo sa ama.

“Si Mang Danny ang magmamaneho, at makakarating kami sa Isabela gamit ang isang kotse,” mariing sabi nito.

Kilalang-kilala niya ang Frank na ito. Tuwing nagdedesisyon ito sa ganoong mood, chances are, wala nang magagawa ang sinuman.

Napabuntong-hininga na lamang si Amanda, tanda ng pagsuko sa katigasan ng ulo ng anak.

“Pero kung magkokotse kayo, sa weekend na kayo umalis. Magpalakas ka muna nang kaunti, Hijo” anang matandang babae.

“If that’s what it takes,” sagot ni Frank.

Ipinaalam ni Paige sa kanyang ina na kailangan niyang samahan si Frank habang nagpapagaling ito. Sa oras na bumalik ang alaala ng binata ay uuwi siya. Hindi man ito sang-ayon sa kanyang gagawin ay wala itong nagawa dahil pinal na ang kanyang desisyon.

Nakaabang sa labas si Mang Danny, at pagkakita sa mga dalang bag ni Paige ay kaagad siya nitong tinulungan.

“Nay, tatawag po ako lagi, ’wag po kayong mag-alala. At saka maaari pa rin po akong magtrabaho kahit nasaan ako. Ipapasa ko lang naman kay Ma’am Pia ang mga disenyo ko,” sabi niya sa ina.

“Anak, hindi naman ’yun ang inaalala ko, ngunit mag-iingat ka nang husto,” ani Mayang na puno ng pag-aalala ang tinig. Niyakap niya ito nang mahigpit.

“Nakapagpadala na po ako ng allowance ni

Chano, 'Nay, 'wag n'yo na pong isipin 'yun. Kayo po ang inaalala ko, tinawagan ko na po si Tita Lenny para samahan kayo habang wala ako."

"Naku! Mabuti naman kung gan'on, Anak. Alam mong nababagot ako tuwing nag-iisa sa bahay. Mabuti at napapayag mo siya?"

"Hmm... hindi ko sasabihin kung paano." Ngumiti siya sa ina.

Ang totoo, napakadali namang kumbinsihin ng kanyang Tita Lenny, kapatid ng yumao niyang ama. Matindi ang pagmamalasakit nito sa pamilya ni Paige.

"Alis na po kami," paalam niya sa ina. Sumakay na siya sa kotse patungo sa ospital.

Pagdating niya roon ay naghihintay na si Amanda, dala ang ilang gamit ng anak. Ito ang nagpumilit na huwag nang dumaan sa kanilang bahay ang 'mag-asawa'. Mapapagod lamang sila, ayon dito. Ngunit ang totoo, hindi maaaring umuwi si Frank doon dahil tiyak na mapapansin nito na may mali.

"Mamayang alas cinco, uuwi na kayo ng Isabela."

Alam ni Paige na may resthouse ang mga ito sa Isabela. Ayon kay Frank, may dalawang palapag ito at gawa sa kahoy. Presko raw ang ihip ng hangin at

maraming punong-kahoy sa paligid. Madalas daw ito roon noong bata pa. Sa Isabela nagbabakasyon ang pamilya nito tuwing napapagod sa polusyon at bilis ng buhay sa Maynila.

Walang kamag-anak sa Isabela ang mga San Pablo, ngunit dahil sa isang kaibigan, nabili nila ang nasabing bahay.

“Ma, sina Aling Marta pa rin ba ang nangangalaga ng bahay?” tanong ng binata sa ina.

“Oo, Anak, nasabihan na sila na darating kayo. At sinabi ko na rin na nawalan ka ng alaala dahil baka magulat sila,” ani Amanda sa anak.

Hindi na sumagot pa si Frank. Pumikit ito at hindi nagtagal ay nakatulog na rin.

“Kailangan talaga niya ng pahinga...” sabi ng ina nito.